

Binago noong Pebrero 19, 2021

Mahal naming mga Employer at mga Administrador ng Paaralan sa Santa Clara County*:

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa sa di-kapani-paniwalang panahon na ito upang matulungan ang ating komunidad na manatiling ligtas at makabangon muli ang ekonomiya. Talagang pinahahalagahan namin ang lahat ng inyong mga pagsisikap na baguhin ang inyong mga negosyo, paaralan, at pang-araw-araw na buhay upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 at makaligtas ng mga buhay.

Pagbubukod mula sa Trabaho o Paaralan

Ayon sa mga patakaran ng Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (CDC) at ng Santa Clara County, ang mga taong nasuring positibo sa COVID-19 o nakilala bilang nakipagsalamuha ng malapitan sa isang nakumpirmang kaso sa kanilang nakakahawang panahon ay aatasan na manatili sa tahanan para sa isang tagal ng panahon at **hindi dapat** personal na dumalo sa trabaho o paaralan.

Ang mga indibidwal na nasuring positibo sa COVID-19 ay maaaring magbigay ng nakasulat na dokumentasyon ng kanilang positibong resulta ng pagsusuri ng laboratoryo at isang kopya ng sulat na ito upang ipahiwatig ang kanilang pangangailangan para sa pagbubukod mula sa personal na pagtrabaho o pagpunta sa paaralan sa panahon ng kanilang pagbubukod. Hindi lahat ng mga empleyado o estudyante na nasuring positibo o nakipagsalamuha ng malapitan sa isang kaso ay makapagbigay ng sulat mula sa isang doktor o nars. Hinihikayat kayo na magbigay ng sick leave, pati na rin ang telework, distance learning, at iba pang mga akomodasyon na walang indibidwal na dokumentasyon mula sa isang doktor o nars kung naisiwalat ng isang empleyado o estudyante na sila ay inatasan na magbukod o magkuwarantina.

Mga Pamantayan sa Pagbabalik sa Trabaho o Paaralan

Ang isang indibidwal na nagkaroon ng COVID-19 ay itinuturing na hindi na nakakahawa at samakatuwid ay maaaring bumalik sa trabaho o paaralan kung:

- **hindi bababa sa 10 na araw na ang nakaraan mula nang nagsimula ang kanilang mga sintomas,**
- **bumuti na ang kanilang mga sintomas,**
- **AT hindi bababa sa 24 na oras na ang lumipas mula sa kanilang huling lagnat nang hindi gumagamit ng mga gamot na nagbabawas ng lagnat.**

Kung ang indibidwal ay hindi kailanman nagkaroon ng mga sintomas at nasuring positibo sa COVID-19 na virus, sila ay makakabalik sa trabaho o paaralan sa 10 na araw pagkatapos nakolekta ang kanilang unang positibong pagsusuri.

* Ang mga karagdagang lokasyon ng trabaho na may natatanging mga patakaran sa pagbabalik sa trabaho ay maaaring matagpuan dito: <https://www.sccgov.org/sites/phd-p/Diseases/novel-coronavirus/Documents/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines.pdf>

Kung sila ay nakasalamuha ng malapitan ng isang taong nasuring positibo sa COVID-19 at walang mga sintomas ng COVID-19, maaari silang bumalik sa trabaho o paaralan kung hindi bababa sa 10 na araw na ang lumipas mula sa kanilang huling pagkakalantad sa positibong kaso. Para sa higit pang mga detalye, mangyaring bumisita sa www.sccstayhome.org.

Mga Indibidwal Na Ganap Na Nabakunahan

Kung nakumpleto na ng isang indibidwal ang kanilang serye ng bakuna sa COVID-19 at nakipagsalamuha ng malapitan dati sa isang taong may COVID-19, HINDI sila kailangang magkuwarantina kung natutugunan nila ang LAHAT ng mga kondisyon na nakalista sa ibaba.

- Ganap na nabakunahan (2 na linggo na ang lumipas pagkatapos ng huling dosis sa buong serye),
- Nasa loob ng 3 na buwan pagkatapos nilang matanggap ang huling dosis sa serye ng bakuna,
- Walang mga sintomas ng COVID-19 mula nang kasalukuyang pagkakalantad, (Kung ang isang indibidwal ay mayroong mga sintomas ng COVID-19, dapat silang magbukod at magpasuri kaagad.)
- Ay hindi isang pasyente o residente sa isang healthcare setting o pasilidad.

Kung ang isang indibidwal ay hindi nakakatugon sa LAHAT ng mga pamantayan na nasa itaas, dapat silang magpatuloy na sumunod sa kasalukuyang patnubay sa pagkuwarantina ng County pagkatapos na malantad sa isang taong pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19.

Mga Medikal na Sulat at Clearance

Pareho ang CDC at ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County (PHD) **ay hindi naghihikayat sa mga employer at paaralan na mangailangan ng isang medikal na sulat para sa clearance upang bumalik sa trabaho o paaralan pagkatapos ang isang indibidwal ay may COVID-19.** Ang mga sulat na ito ay lumilikha ng mga hindi kinakailangang paghihirap para sa mga empleyado at estudyante at maging sanhi ng paghihirap sa sistema ng healthcare upang gumawa ng mga sulat na ito. Ang mga empleyado ay itinuturing na hindi na nakakahawa kapag natutugunan nila ang mga pamantayan na inilarawan sa itaas.

Bilang karagdagan, ayon sa parehong CDC at PHD, **hindi dapat hilingin ng mga employer at paaralan na ang mga indibidwal na nasuring may COVID-19 na virus na magbigay ng patunay ng mga negatibong pagsusuri sa COVID-19 na virus bago pahintulutan silang bumalik sa trabaho o paaralan.** Ang ganitong mga kahilingan para sa patunay ng mga negatibong pagsusuri sa COVID-19 na virus pagkatapos ng diagnosis na may COVID-19 ay hindi kinakailangan, nag-aantala nang pagbabalik sa trabaho o paaralan, at maging sanhi ng paghihirap sa pagkakaroon ng pagsusuri para sa iba na kailangang magpasuri. Ang mga empleyado at estudyante ay itinuturing na hindi na nakakahawa at maaaring bumalik sa trabaho o paaralan kapag natutugunan nila ang mga pamantayan na inilarawan sa itaas.

Ang inyong empleyado o estudyante na nagkaroon, o nakipagsalamuha ng malapitan sa isang taong nagkaroon ng COVID-19 ay maaaring mag-print ng sulat na ito upang sumunod sa layunin ng 1) pagpapahiwatig ng pangangailangan sa pagbukod o pagkuwarantina kung may kasamang positibong resulta ng pagsusuri o pasalitang pag-abiso ng pagkakalantad, 2) pagpapakita ng patunay na maaari silang bumalik sa trabaho o paaralan hangga't natutugunan nila ang mga pamantayan sa itaas (higit na idinetalye sa www.sccstayhome.org), at/o 3) pagpapakita ng patunay na ang mga employer at paaralan ay hindi dapat humiling ng patunay ng negatibong pagsusuri sa COVID-19 na virus bago bumalik sa trabaho o paaralan. Ang sulat na ito ay matatagpuan sa <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Documents/COVID-19-Work-School-Letter.pdf>.

Karagdagang mga Mapagkukunan:

- Pangkalahatang Impormasyon ng Santa Clara County para sa pagbubukod at pagkuwarantina sa bahay: <https://www.sccstayhome.org>
- Ano ang Dapat Gawin Kapag May Nasuring Positibo sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho: <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/business-guidance.aspx#employee>
- Pangkalahatang Impormasyon ng Santa Clara County para sa mga employer: <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/business-guidance.aspx>
- Pangkalahatang Patnubay ng Santa Clara County para sa mga paaralan: <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/school-guidance.aspx>

Salamat sa lahat ng iyong ginagawa upang mapanatiling malusog ang ating komunidad.